Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG HUNYO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 147-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET SA TAONG ITO NG BARANGAY LABUIN NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T LIMANG LIBO, APATNARAAN AT TATLUMPUNG PISO (P35,430.00).

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang kahilingan ng Sangguniang Barangay ng Labuin na pagtibayin ang karagdagang badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P35,430.00 upang magamit sa pagbili ng uniporme ng Sangguniang barangay sa halagang P10,000.00; ayuda sa Gusaling Multi-Purpose (Stage); karagdagang pondo ukol sa Seminar, (P2,000.00); pondong pag-agrikultura, (P2,000.00) at boundary marker sa halagang (P16,430.00);

SAPAGKA'T, ang nasabing paglalaan ng karagdagang badyet ay hindi sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet ng barangay;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pingalawahan ng Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang karagdagang badyet sa taong ito ng Barangay Labuin na nagkakahalaga ng Tatlumpu't Limang Libo, Apatnaraan at Tatlumpung Piso (P35,430.00).

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan